PAPEL NG DAPAT MALAMAN

Covered California

Ang Abot-kayang Seguro Ay Isang Pambansang Priyoridad

Noong 2010, inaprobahan ng pederal na pamahalaan ang isang batas — ang Patient Protection and Affordable Care Act (Affordable Care Act) — upang itaas ang bilang ng mga Amerikanong may segurong pangkalusugan at bawasan ang gastos sa pangangalagang pangkalusugan.

Ang batas ay mahalaga sa mga taga-California dahil ito ay nagkakaloob ng pinansiyal na tulong sa mga tao at maliliit na negosyo upang makatulong sa pagbabayad ng segurong pangkalusugan. Ang mga taong mayroon nang abot-kayang segurong pangkalusugan ay hindi kailangang gumawa ng aksyon, maliban kung mawala ang kanilang pagsakop ng seguro para sa mga partikular na dahilan, tulad ng pagkawala ng trabaho.

Upang makatulong sa mga walang segurong pangkalusugan na makakuha ng pagsakop, ang Affordable Care Act ay nagsama ng isang iniaatas na ang mga estado ay magtatag ng kanilang sariling pamilihan para makabili ang mga tao ng segurong pangkalusugan o ang pederal na pamahalaan ang magtatag nito. Ang mga pamilihang ito ay mag-aalay ng isang-hintuan na mga pamilihan kung saan magagawa ng mga tao na paghambingin ang mga plano sa segurong pangkalusugan at bumili ng plano na pinakamahusay na gumagana para sa kanila, sa kanilang pamilya at sa kanilang badyet. Pinili ng California na magtatag ng sarili nitong pamilihan — Covered California™ — bilang pintuan nito sa segurong pangkalusugan.

Ang batas ay nag-aatas na ang karamihan ng mga may sapat na gulang ay magtaglay ng segurong pangkalusugan o magbayad ng multa simula sa 2014.

Pagbibigay ng Pagsakop ng Seguro sa California

Ang Covered California ay nilikha upang bumuo ng isang madaling gamiting pamilihan kung saan ang karamihan ng mga taga-California ay makakabili ng pagsakop ng segurong pangkalusugan na hindi maaaring ipagkait ng mga kompanya ng segurong pangkalusugan o kanselahin kung sila ay magkasakit o nagtataglay ng naroon nang kondisyong medikal, tulad ng hika o diyabetis.

Bago lumampas ang 2014, magagawa ng humigit-kumulang na 2.6 na milyong taga-California na makakuha ng pinansiyal na tulong sa pamamagitan ng Covered California upang bayaran ang kanilang segurong pangkalusugan. Ang isang karagdagang 2.7 na milyon ay makikinabang mula sa pagsakop ng seguro na iginagarantiya bumili man sila ng plano sa seguro sa pamamagitan ng Covered California o sa kanilang sarili. Tinatantiyang 2.3 na milyon na residente ng California ang magpapatala sa isang planong pangkalusugan sa pamamagitan ng Covered California bago lumampas ang 2017.

Lahat ng mga plano sa segurong pangkalusugan na binili sa pamamagitan ng Covered California ay dapat sumakop sa mga partikular na serbisyong tinatawag na mga mahahalagang benepisyong pangkalusugan. Sa mga ito ay kabilang ang mga pagbisita ng doktor, mga pamamalagi sa ospital, pangangalagang pang-emerhensiya, pangangalaga sa panganganak, mga reseta, mga pagsusuring medikal at pangangalagang pangkalusugan ng isip. Ang mga plano sa segurong pangkalusugan ay dapat ding sumakop sa mga serbisyong panghadlang na pangangalaga, tulad ng mga mammogram at colonoscopy, nang libre. Lahat ng mga planong ibinebenta sa pamilihan ng Covered California, gayon din ang mga ibinebenta sa labas, ay aatasan na isama ang mga benepisyong ito.

Isang Maikling Kasaysayan, isang Ambisyosong Hinaharap

Ang California ay may isang mahalagang tungkulin na dapat gampanan sa pagtiyak na ang Covered California ay matagumpay. Ang Nagtatrabahong kasama ng mga pederal, pang-estado at pangkomunidad na mga kasangga, gusto ng Covered California na bumili ang milyun-milyong taga-California ng abot-kayang pagsakop ng seguro sa pangangalagang pangkalusugan. Kapag mas maraming taga-California ang may seguro, ang estado, ang ating mga kapitbahay at ating mga pamilya ay makakagawa ng mga malulusog na pagpili na pakikinabangan nating lahat.

Isang Paglalaan sa mga Taga-California

Ang Covered California ay nakalaang tiyakin na alam ng bawat isa ang kanilang mga mapipiling pagsakop ng segurong pangkalusugan at madaling maihahambing ang mga plano sa segurong pangkalusugan at pumili ng tama.

Alam namin na ang pagpili ng segurong pangkalusugan ay maaaring nakakalito, at narito kami upang tumulong. Magkakaloob kami ng suporta nang personal, sa pamamagitan ng telepono at online. Kami ay nagsasanay ng mga tao sa mga lokal na komunidad sa buong estado na tutulong sa mga taga-California na makakuha ng kaalaman tungkol sa bagong mga mapipili sa segurong pangkalusugan. Ang mga sinanay na propesyonal na ito ay makakapag-alay ng tulong sa maraming magkakaibang wika.

Ang Pamilihan ng Segurong Pangkalusugan

Sa Oktubre 1, 2013, ang Covered California ay magsisimulang magtala ng mga karapat-dapat na taga-California para sa pagsakop ng segurong pangkalusugan na magsisimula sa Enero 2014. Ang mga residenteng walang segurong pangkalusugan mula sa kanilang pinagtatrabahuhan o ibang programa ng pamahalaan, o ang mga taong hindi abot-kaya ang seguro, ay maaaring maging kuwalipikado para sa tulong sa mga hulog.

Ang mga taga-California ay makakabili ng kaparehong plano sa segurong pangkalusugan sa pribadong pamilihan na iaalok sa pamamagitan ng Covered California. Ang isang kabutihan ng pagbili ng seguro sa pamamagitan ng Covered California ay madaling paghambingin ang mga magkakaibang plano. Sa kauna-unahang pagkakataon, posibleng gumawa ng mga mabusising paghahambing sa magkakaibang plano sa segurong pangkalusugan, salamat sa mga bagong pangkaraniwang benepisyo na idinisenyo upang gumana para sa mga mamimili — hindi para sa mga kompanya ng segurong pangkalusugan. Gayon din, ang Covered California ang tanging lugar kung saan ang mga taga-California ay makakagamit ng tulong sa hulog mula sa pederal na pamahalaan upang mabawasan ang kanilang mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan.

Ang Covered California ay tutulong din sa mga maliliit na negosyo na magkaloob ng abot-kayang pagsakop ng segurong pangkalusugan sa kanilang mga empleyado. Sa pamamagitan ng Covered California, ang mga negosyong may isa hanggang 50 karapat-dapat na empleyado ay makakabili ng segurong pangkalusugan. Ang mga negosyong may 25 o mas kaunting full-time na mga empleyado ay maaaring maging kuwalipikado para sa mga kredito sa buwis. Simula sa 2016, ang Covered California ay bubuksan para sa mas malaking mga pinagtatrabahuhan na may 100 o mas kaunting karapat-dapat na empleyado.

Sa kauna-unahang pagkakataon, posible nang gumawa ng mabusising mga paghahambing sa magkakaibang mga plano sa segurong pangkalusugan.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.CoveredCA.com o tumawag sa (888) 975-1142.

COVERED CALIFORNIA

CoveredCA.com

Ang Covered California ay ang bagong online na "pamilihan" na gagawing payak at abot-kaya ang pagbili ng mahusay na segurong pangkalusugan at pagkuha ng pinansiyal na tulong sa pagbabayad nito.

Bersiyon: Agosto 2013